

2026 Taunang Panawagan ng Obispo

Minamahal na mga Kapatid kay Cristo,
Sumainyo ang biyaya at kapayapaan sa ngalan ng ating Panginoong Jesucristo!

Sa pagsisimula natin ng Taunang Panawagan ng Obispo ngayong taon, inaanyayahan ko kayong pagnilayan ang ating tema: “Tinawag na Tumugon: Pamumuhay ayon sa Kalooban ng Ama.” Ipinaaalala sa atin ng mga salitang ito ang turo at paanyaya ni Jesus na mamuhay at kumilos sa pag-ibig ng Kanyang Ama at ng ating Ama:

“Kung paanong inibig ako ng Ama, gayon din naman, inibig ko kayo. Manatili kayo sa aking pag-ibig. Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig, tulad ng pagtupad ko sa mga utos ng aking Ama at pananatili sa kanyang pag-ibig.” (Juan 15:9-10)

Ipinagkaloob sa atin ni Papa Leo ang kanyang unang ensiklikal na pinamagatang Magnifica Humanitas (“Ang Ating Maringal na Pagkatao”). Tumutugon ang Santo Papa sa ating mundong puno ng pagkabalisa, kawalang-katiyakan, at lumalaking pag-aalala tungkol sa kalagayan ng ating iisang sangkatauhan, sa pamamagitan ng isang mensahe tungkol sa malalim na kadakilaan ng ating likas na dignidad bilang tao. Ayon kay Papa Leo:

“Mayroon ding mas malalim at higit na mahalagang antas ng ontolohikal na dignidad. Ito ang dignidad na taglay ng bawat tao dahil lamang sa kanyang pag-iral, dahil siya ay niloob, nilikha at minahal ng Diyos. Walang kasalanan, kabiguan, kahihiyan o pagtatakwil ang makababawas sa malalim na halaga ng buhay ng tao na niloob at tinawag ng Diyos upang umiral.” (MH #52)

Ang dignidad na ito ay pinagpapala at naipakikita natin sa isa’t isa at sa mundo kapag tayo ay umiibig at kumikilos tulad ng Diyos.

Ang Taunang Panawagan ng Obispo ay hindi lamang isang pangangalap ng pondo. Ito ay isang personal at sama-samang gawa ng pagiging alagad at isang paraan upang makibahagi tayo sa misyon ni Cristo sa ating mundo ngayon. Sa pamamagitan ng Taunang Panawagan ng Obispo, nagiging lantad ang misyong ito sa buong diyosesis. Ang inyong pagkabukas-palad ay tumutulong sa mga seminaristang naghahanda para sa pagkapari, sa mga ministryong naglilingkod sa mga pamilya at kabataan, sa paglilingkod sa mahihirap at mahihina, sa mga hakbang tungo sa pakikipagkasundo sa mga Katutubo, sa pangangalagang pastoral sa ating mga parokya, sa edukasyong Katoliko at paghubog sa pananampalataya, at sa maraming gawain ng ebanghelisasyon na nagpapahayag ng pag-ibig ni Cristo sa ating mga pamayanan.

Kaya inaanyayahan ko ang bawat parokyano, bawat pamilya, at bawat pamayanan sa ating diyosesis na taimtim na ipanalangin at pag-isipan kung paano ninyo masusuportahan ang Taunang Panawagan ng Obispo ngayong taon. Walang handog na napakaliit kapag ito ay iniaalay nang may pananampalataya at pag-ibig.

Ang layunin ng ating panawagan ay hindi “upang mas malaki ang ibigay ng mga tao,” kundi “upang mas maraming tao ang magbigay!” ... sama-samang nakikibahagi at nagbabahagi sa gawain ng bayan ng Diyos sa ating mga lokal na pamayanan ng pananampalataya ... para sa ating mundo ngayon. Maraming salamat sa inyong mga panalangin, pagkabukas-palad, at tapat na pagpapatotoo kay Cristo.

Nawa si Maria, Ina ng Simbahan, na buong pusong tumugon sa tawag ng Diyos, ay mamagitan para sa atin. Turuan nawa niya tayong magsabi nang may tapang at kababaang-loob: “Mangyari sa akin ayon sa iyong salita.”

Nagtatapos ako sa mga salitang pamilyar sa atin mula kay San Francisco ng Assisi, habang ipinagdiriwang natin ang 2026 bilang Taon ni San Francisco: “Panginoon, gawin Mo akong daluyan ng Iyong kapayapaan; kung saan may poot, pag-ibig ang dalhin ko; ... kung saan may kawalan ng pag-asa, pag-asa; sapagkat sa pagbibigay tayo ay tumatanggap; at sa pagkamatay tayo ay isinisalang sa buhay na walang hanggan.” (Panalangin ni San Francisco)



BAA Video

Sincerely in Christ,

+ mshagemoen

Most Reverend Mark A. Hagemoen
Bishop of Saskatoon

PAYMENT METHOD

- ☐ **Cheques – Make cheques payable to the Catholic Foundation – direct gift in the memo**
- ☐ **Credit card** – Emailing or mailing credit card information is prohibited. To protect your financial information, please call 306-659-5851 or go online to make your donation- www.dscf.ca/ways or scan QR code below.
- ☐ **E-TRANSFER** directly from your bank account. Please include your name, mailing address, phone number and where to direct your gift in the comments section to receive a charitable tax receipt.
e-transferBAA@dscf.ca

- ☐ **Pre-Authorized Debit: Return this gift form and a void check or complete the information below.**

Transit/Branch #**Institution#****Account #**

Fill in the contact information if you have changes to your profile or are a new donor

Diocesan member ID:**Parish:****CONTACT 1****CONTACT 2**

Last Name:

Full Given Name:

Address:

City/Town:

Email:

Appeal Name**2026 BAA****Rural Catechists
Fund****New Build
Restoration Fund****One Time Gift:**

\$

\$

\$

Monthly Recurring Gift:

\$

\$

\$

Recurring Gift Start Date:

mm/dd/yyyy

Please indicate the appeal in your cheque memo. Mail it back to our office or drop it in your offertory basket at your parish

Charitable Registration Number-836037 127 RR 0001

Diocese of Saskatoon Catholic Foundation, 123 Nelson Road, Saskatoon, SK S7S 1H1

Do you want to learn more about stewardship, attend conferences and be one of our ambassadors?
Contact us to join our next event!

Andrea Alas
306-659-5851
aalas@dscf.ca

Raissa Bugyi
306-659-5837
rbugyi@dscf.ca

What gifts has God entrusted to you? How may your gifts serve others?

Please let us know in the space provided:
